Republic of the Philippines
MUNICIPALITY OF SANTA ROSA
Province of Laguna

TANGGAPAN NG SANGGUNIANG BAYAN

MGA KATITIKAN NG UNANG DI-PANGKARANIWANG PULONG NG SANGGUNIANG BAYAN NG SANTA ROSA, LAGUNA NA IDINAOS SA ARAW NG LUNES, IKA-1 NG PEBRERO, 1988

Mga Dumalo:

1. Kgg. LEO T. BUSTAMANTE - Nanunungkulang Punumbayan
2. Kgg. PABLO S. BABASANTA - Pangalawang Punumbayan
3. Kgg. FULGENCIO G. CARTECIANO - Kagawad
4. Kgg. MARIETTA D. BARTOLAZO - Kagawad
5. Kgg. ESPIRIDION GABAYAN, JR. - Kagawad
6. Kgg. EDUARDO BARRINUEVO - Kagawad
7. Kgg. WINSTON DE LOS REYES - Kagawad

Mga Di-Dumalo:

1. Kgg. FELIPE CANTERA - Kagawad
2. Kgg. ARTURO M. TIONGCO - Kagawad
3. Kgg. ROLANDO DICTADO - Kagawad

****

Sinimulan ang Unang Di-Pangkaraniwang Pulong sa ganap na Ika-8:45 ng gabi matapos maipatanto ng Kalihim sa Punumbayan na mayroong sapat na bilang na naaayon sa batas.

Iminuggkahi ni Kag. De los Reyes na ipagpaliban na ang pagbasa ng katitikan ng nakaraang pulong sapagka't ito ay kanila ng nabasa. Gayundin ay iminungkahi niya na ito ay pagtibayin na. Ang mungkahi ay pinangalawahan ni Kag. Gabayan.

Sa pagpapatuloy ng pulong ay inilahad ni Pang. Punumbayan Babasanta ang unang paksang tatalakayin - Ang "Budget ng Local School Board". Ang Palaan ay ipinaliwanag ni G. Camilo Batitis, Budget Officer. Sinabi niya na ang isinumiteng palaan ang naging resulta ng isang pulong ng "Local School Board" na ginanap noong Ika-27 ng Enero, 1988. Isa-isa niyang ipinaliwanag ang bawa't aytem na nakapaloob sa Palaan. Matapos ang isang maikling pag-tatalakayan ay pinagtibay ang:

KAUTUSANG BAYAN BLG. VI-'88
(Sa mungkahi ni Pang. Punumbayan Babasanta na pinangalawahan ni Kag. Bartolazo)

ANG KAUTUSANG BAYAN
na nagtitibay ng halagang APAT NA RAAN LIMAMPU'T ISANG LIBO AT ISANG DAANG PISO (₱451,100.00) para sa Palaan ng Lupon ng mga Pambayang Paaralan para sa Taong 1988 (1988 Annual Budget of the Municipal School Board) na naaayon sa talaang nakalakip na ginagawang bahagi ng katitikang ito na may "TANDANG "A".

BUONG PAGKAKAISANG PINAGTIBAY.

Pinagtibay:

LEO T. BUSTAMANTE
Nanunungkulang Punumbayan